Ang Iyong Mga Karapatan Sa Ilalim ng Seksyon 504

Mayroon kang karapatang mabigyang-kaalaman ng distrito ng paaralan tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng Seksyon 504. Isa itong paunawa ng mga karapatan mo at ng iyong anak sa ilalim ng Seksyong 504 at ng mga karapatang mayroon ka kung hindi ka sumasang-ayon sa mga pasya ng distrito ng paaralan.

ANO ANG SEKSYONG 504?

Ang Sesyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973, na karaniwang tinatawag na "Seksyon 504," ay isang federal na batas na nagpoprotekta sa mga estudyante sa diskriminasyon batay sa kapansanan. Ang Seksyon 504 ay nagtitiyak na mayroong mga pagkakataon sa edukasyon at benepisyo ang mga estudyanteng may mga kapansanan na kapantay ng mga ibinibigay sa mga estudyanteng walang mga kapansanan. Upang maging karapat-dapat, dapat na mayroong kapansanang pisikal o sa pag-iisip ang isang estudyante na ganap na naglilimita sa isa o higit pang pangunahing aktibidad sa buhay.

ANG EDUKASYON NG IYONG ANAK

Mayroong karapatan ang iyong anak na:

- Makatanggap ng libre at naaangkop na pampublikong edukasyon.
- Makilahok sa at magbenepisyo mula sa mga programang pang-edukasyon ng distrito nang walang diskriminasyon.
- Mabigyan ng patas na pagkakataong makilahok sa mga aktibidad na hindi pang-akademiko at extracurricular ng distrito.
- Maturuan kasama ang mga estudyanteng walang mga kapansanan sa pinakasukdulang paraang naaangkop.
- Maturuan sa mga pasilidad at makatanggap ng mga serbisyong naihahambing sa mga ibinibigay sa mga estudyanteng walang mga kapansanan.
- Makatanggap ng mga accommodation at/o kaugnay na tulong at serbisyo upang mabigyan ang iyong anak ng patas na pagkakataong makilahok sa mga aktibidad ng paaralan.
- Makatanggap ng mga pang-edukasyon at kaugnay na tulong at serbisyo nang libre, bukod sa mga bayaring ipinapataw sa mga magulang ng mga batang walang mga kapansanan.
- Makatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon kung kailangan.

ANG MGA TALAANG PANG-EDUKASYON NG IYONG ANAK

Mayroon kang karapatang:

- Suriin ang mga talaang pang-edukasyon ng iyong anak at makatanggap ng mga kopya sa makatwirang halaga. Hindi ka sisingilin kung pipigil sa iyo ang gastos na suriin ang mga talaan.
- Hilingin sa distrito na baguhin ang mga talaan sa edukasyon ng iyong anak kung naniniwala kang mali, nakakalito, o kung hindi man ay lumalabag ang mga ito sa mga karapatan sa privacy ng iyong anak. Kung tanggihan ng distrito ang kahilingang ito, mayroon kang karapatang hamunin ang pagtanggi sa pamamagitan ng paghiling ng walang kinikilingang pagdinig ng kaso.
- Isang tugon sa iyong mga makatwirang kahilingan para sa mga paliwanag at pagbibigay-kahulugan sa mga talaan sa edukasyon ng iyong anak.

ANG PROSESO NG SEKSYON 504

Mayroong karapatan ang iyong anak sa isang pagsusuri bago tukuyin ng paaralan kung karapat-dapat siya sa ilalim ng Seksyon 504. Mayroon kang karapatang:

- Makatanggap ng paunawa bago kumilos ang distrito patungkol sa pagkakakilanlan, pagsusuri, at pagtatalaga ng iyong anak.
- Magkaroon ng mga pasya sa pagsusuri at pagtatalaga na ginawa ng isang grupo ng mga tao, na kadalasang tinatawag na "pangkat 504", kabilang ang mga taong nakakakilala sa iyong anak, ang kahulugan ng impormasyon ng pagsusuri, at mga available na pagpipilian sa pagtatalaga.
- Magkaroon ng mga pasya sa pagsusuri batay sa iba't ibang pinagmumulan, gaya ng mga pagsusulit sa kahusayan at nakamit, rekomendasyon ng guro, kundisyong pisikal, medikal na talaan, at pag-oobserba ng magulang.
- Tanggihan ang pahintulot para sa panimulang pagsusuri at panimulang pagtatalaga ng iyong anak.

Kung karapat-dapat ang iyong anak sa ilalim ng Seksyon 504, mayroong karapatan ang iyong anak sa mga pana-panahong muling pagsusuri, kabilang ang mga muling pagsusuri bago gawin ang anumang malaking pagbabago sa pagtatalaga ng iyong anak.

KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA PASYA NG DISTRITO

Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga pasya ng distrito patungkol sa pagkakakilanlan, pagsururi, programang pang-edukasyon, o pagtatagala ng iyong anak sa ilalim ng Seksyon 504, maaari kang humiling ng pamamagitan o isang walang kinikilingang pagdinig ng kaso na sumusunod sa tamang proseso. Mayroon ka at ang iyong anak ng karapatang makilahok sa pagdinig ng kaso at magkaroon ng isang abugadong kakatawan sa iyo. Magagawa ang mga kahilingan sa pagdinig ng kaso at iba pang mga alalahanin sa Tagapangasiwa ng Seksyon 504 ng iyong distrito:

Kerince Bowen
12111 NE 1st Street
Bellevue, WA 98005
(425) 456-4168

Mayroon kang karapatang maghain ng reklamo ng diskriminasyon sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights o OCR) ng Kagawaran ng Edukasyon ng US (U.S. Department of Education), o na maghain ng reklamo sa federal na korte. Sa pangkalahatan, maaaring maghain ng reklamo sa OCR sa loob ng 180 araw sa kalendaryo tungkol sa kilos na pinaniniwalaan mong nagpapakita ng diskriminasyon. Matatagpuan ang panrehiyong tanggapan sa 915 Second Ave, Room 3310, Seattle, WA 98174-1099.
Telepono: 206-607-1600/TDD: 206-607-1647
Website: www.ed.gov/OCR.